# ABSTRAK

**Pangalan ng Institusyon:** De La Salle University - Dasmarinas

**Titulo:** Konsepto ng Amok

**Mga mananaliksik:** Erica Joyce C. Belino

Kathryn Caisey C. Olis

Paul Joshua A. Tanda

**Pinagmulan ng Pondo:** Mga Magulang

**Badyet:** P 5,000

**Sinimulan:** Hunyo 2011 **Natapos:** Marso 2011

**Layunin ng pag-aaral:**

Ang pag-aaral na ito ay naglalayon na matukoy ang konsepto ng mga bilanggo at piling Jail Personnel tungkol sa salitang amok. Inalam ng mga mananaliksik ang pagpapakahulugan ng mga kalahok sa salitang amok. Tinukoy din sa pag-aaral na ito ang dimensyon na napapaloob sa paksang kanilang pinili.

AKLATANG EMILIO AGUINALDO - INFORMATION RESOURCE CENTER
De La Salle University-Dasmariñas • Since 1977 • Dasmariñas, Cavite, Philippines

## Metodolohiya

Ang pangunahing metodo na ginamit para sa pagsusuri ay ang Maka-pilipinong Metodo. Ginamit ang Unang Iskala upang makakuha ng sapat na impormasyon mula sa mga kalahok upang mabigyang kahulugan ang konsepto ng amok. Ito ang napiling iskala sapagkat ang metodong ito ay subok na sa kakayahang lumikom ng impormasyon tungkol sa kulturang Pilipino (Pe-Pua, 1989). Mula sa unang iskala, dalawang metodo ang pinili: ang pagtatanong-tanong at padalaw-dalaw. Ginamit ang pagtatanong-tanong ng mga mananaliksik upang alamin ang konsepto ng mga kalahok tungkol sa paksang amok. Karaniwanang sinasagot ng metodong ito ang mga tanong na ano, ilan at alin (Pe-Pua, 1989). Samantala, ang padalaw-dalaw naman ay ginamit dahil sa kailangang magpabalik-balik ang mga mananaliksik sa pinagdausan ng pananaliksik upang makalap ang lahat ng impormasyon na kailangan para sa kanilang pag-aaral.

## Resulta

Ang pag-aaral na ito ay tungkol sa konsepto ng mga bilanggo at piling jail personnel tungkol sa salitang amok.

Ang pag-aaral na ito ay may dalawang suliranin na naglalayong masagot.

Ang unang suliranin ay ang kung ano ang konsepto ng mga kalahok tungkol sa salitang amok. Mula sa sagot ng tatlumpung (30) kalahok, limang konsepto tungkol sa amok ang natukoy. Una, ang mga taong nag-aamok ay ang mga taong nagwawala ng walang malinaw na rason. Hindi mawawala sa mga taong nag-aamok ang pagwawala at ayon pa sa kanila, dala ng sobrang kalasingan at hindi mapigilang galit ang dahilan ng pagwawalang ito. Ikalawa, ang mga taong nag-aamok ay ang mga taong nanghahamon ng mga taong nananahimik. Base sa mga isinagot ng kalahok, kadalasan sa mga taong naghahamon ay ang mga taong nangtitrip o di kaya'y naghahanap ng gulo. Ikatlo, ang mga taong nag-aamok ay ang mga taong nananakit ng iba ng walang kadahilanan. Karaniwang gumagamit ang mga taong ito ng mga armas gaya ng bangko, bote, bato, patalim, baril o kahit anong bagay na nasa kanilang paligid na maaaring makapanakit ng iba sa tuwing sila ay nang-aatake ng tao. Ikaapat, ang mga taong nag-aamok ay ang mga taong nawawalan ng kontrol sa kanilang emosyon. Dahil na rin sa mga personal na

problema gaya ng problema sa pera o sa kaibigan kung kaya't nag-aamok ang mga taong ito. Ibinabaling nila ang mga problemang hindi nila makayanan sa ibang tao. Impluwensiya na rin ng alak ang pagkawala ng taong ito ng kontrol sa kanilang mga emosyon. At ang panghuli, ang mga taong nag-aamok ay nakakapatay ng ibang tao. Dahil sa nakakapanakit ang mga taong nag-aamok ng kapwa, hindi maiiwasan na makapatay ang mga ito ng iba.

Ang ikalawang suliranin ay kung ano ang dimensyon na napapaloob sa salitang amok. Mula sa datos na nakalap ng mga mananaliksik, tatlong dimensyon ang natukoy.

Una ay ang pagkakaroon ng mga taong nag-amok dahil sa problema sa buhay na hindi nila makayanan. Maaaring ang problemang ito ay hindi masabi ng isang tao sa kanyang mahal sa buhay kung kaya't ang problemang hindi nito mailabas ay ibinabaling niya sa ibang tao. Ang ikalawang dimensyon ng salitang amok ay ang galit. Ang sobrang poot na nararamdaman ng mga taong nag-aamok ay ang dahilan o sanhi ng pag-aamok ng isang tao. Ang mga taong hindi kayang kontrolin ang kanilang emosyon ay sa galit idinadaan ang kanilang mga problema. Ang panghuli sa dimensyon ng amok ay ang sobrang kalasingan. Dahil

sa may problema ang mga taong nag-aamok, idinadaan ng mga ito ang kanilang problema sa alak. Ayon sa sagot ng mga kalahok, dahil sa espiritu ng alak kaya nagwawala, nakakapanakit, nanghahamon o kaya ay nakakapatay ang isang tao.

AKLATANG EMILIO AGUINALDO - INFORMATION RESOURCE CENTER
De La Salle University-Dasmariñas • Since 1977 • Dasmariñas, Cavite, Philippines